# Ipinakikilala ang Panggitnang Paaralan (Middle School) FLASH

Mahal na mga Magulang at Tagapangalaga,

Ang iyong estudyante ay malapit ng magsimula ng kanilang yunit sa kalusugang-sekswal sa aming klase. Aming ituturo ang kurikulum ng FLASH. Ang mga hangarin ng kurikulum ng FLASH ay ang maiwasan ang pagbubuntis ng mga kabataan, ang Sexually Transmitted Diseases (STDs) o sakit na naipapasa sa pakikipagtalik, at sekswal na karahasan; mapabuti ang komunikasyon sa pamilya tungkol sa relasyon at mga paksa ng kalusugang-sekswal; at madagdagan ang kaalaman ng mga estudyante tungkol sa kalusugang sekswal. Ang FLASH ay nagtuturo tungkol sa pag-iwas at pati na ng kondom at pagpigil sa pag-aanak. Itinuturo rin nito ang kasanayan sa magalang na pakikipag-usap at mabuting relasyon.

Ginagalang ng FLASH ang mga pagpapahalagang pampamilya o family values tungkol sa mga paksang pangkalusugang-sekswal. Kapag ang mga estudyante ay magtanong tungkol sa kahalagahan, ang FLASH ay nagtuturo sa mga guro na: sagutin ang katotohanang bahagi ng tanong, ipaalam sa kanila na ang mga tao ay may ibat-ibang pagpapahalaga tungkol sa paksa, at ituro ang mga estudyante sa kani-kanilang mga pamilya upang matutunan ang kanilang mga tiyak na halaga. Ang FLASH ay mayroon ring mga pampamilyang takdang-aralin (Family Homework) sa bawat aralin upang makausap ng mga estudyante ang miyembro ng kanilang pamilya tungkol sa paksang natalakay sa klase. Hindi tinatanong ang mga estudyante kung ano ang mga napag-usapan sa kanilang pamilya. Inaasahan namin na magbibigay ito ng isang makabuluhang pagkakataon para makapag-usap kayo nang sama-sama.

Ang mga aralin ng Panggitnang Paaralan (Middle School) FLASH ay nakalista sa ibaba. Kung mayroon kang mga tanong, malulugod akong makipag-usap sa iyo.

1. Sistemang Reproduktibo at Pagbubuntis
2. Oryentasyong Sekswal at Pagkakakilanlan ng Kasarian
3. Mga Panuntunan sa Pakikipag-date
4. Ang Pagtanggi
5. Pag-iwas sa STDS
6. Mga Kondom upang Maiwasan ang HIV at iba pang STDs
7. Pagpigil sa Pag-aanak